

WARM-UP

- Ilarawan ang unang araw mo sa isang paaralan, trabaho, o kaya ay organisasyon.
- Naranasan mo na bang magkaroon ng impresyon sa isang bagay na naging iba sa katotohanan?
- Kung makakapagbigay ka ng mensahe sa sarili mo na mas bata ng apat na taon sa edad mo ngayon, ano ang sasabihin mo sa kanya tungkol sa pagiging bahagi ng isang grupo?

WORD *Ngayon, wala nang pagkakaiba ang Judio sa hindi Judio, ang alipin sa malaya, ang lalaki sa babae. Kayong lahat ay iisa na dahil kayo'y nakay Cristo na.* **MGA TAGA-GALACIA 3:28**

Kay Cristo, tayo ay iisa. Nakikita dapat sa iglesya ang ganitong pagtanggap sa mga tao. Makikita sa Kasulatan ang diskriminasyon na kinaharap ng sinaunang iglesya: Hudyo laban sa hindi Hudyo, alipin laban sa mga malayang tao. Maging sa kasalukuyang lipunan ay kinakaharap natin ang mga diskriminasyong ito. Subalit bilang mga mananampalataya, tayo ay may kakayahan mula sa Diyos na maging bahagi ng Katawan ni Cristo, at tanggapin ang iba upang maging bahagi rin nito. Mas maiintindihan pa natin ito sa pamamagitan ng pagtingin sa karanasan ni Pablo.

1 | Biyaya na Mapabilang

⁸*Dahil sa biyaya ng Diyos, naligtas kayo nang sumampalataya kayo kay Cristo. Kaloob ito ng Diyos, at hindi galing sa inyo.*

⁹*Hindi ito nakasalalay sa mabubuti ninyong gawa, para walang maipagmalaki ang sinuman. **MGA TAGA-EFESO 2:8,9***

Ipinapaalala sa atin ng Mga Taga-Efeso na tayo ay naligtas nang sumampalataya tayo kay Cristo. Ang tanging dahilan kung bakit tayo mapapabilang sa pagtitipon ng Diyos ay ang Kanyang kabutihan, dahil iniligtas niya tayo mula sa ating mga kasalanan. Binigyan tayo ng Diyos ng kakayahan na mapabilang sa Kanyang pamilya. Paano ka nakikibahagi sa komunidad ng iglesya simula ng ikaw ay maging Kristiyano? Anong mga uri ng mabubuting kaibigan ang nakilala mo sa pamamagitan ng komunidad ng iglesya?

2 | Biyaya na Tumanggap

²⁰Pumunta siya sa mga sambahan ng mga Judio at ipinangaral niyang si Jesus ang Anak ng Diyos. ²¹Nagtaka ang lahat ng nakarinig sa kanya. Sinabi nila, “Hindi ba’t ito ang taong umuusig sa mga tagasunod ni Jesus doon sa Jerusalem? Hindi ba’t naparito siya para hulihin ang mga kumikilala kay Jesus at dalhin sa mga namamahalang pari?” **MGA GAWA 9:20,21**

Bagamat agad na ipinangaral ni Pablo ang ebanghelyo, ang mga mananampalataya ay may pagdududa sa kanya. Nakatatat na sa isipan ng mga tao na siya ay tagapag-usig ng mga mananampalataya. Tayo ay naligtas hindi dahil sa anumang ginawa natin kundi sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos. Dahil dito, dapat tayong magpakita ng pagtanggap sa iba. Hindi natin dapat hayaang mag-iba ang pagturing natin sa tao ayon sa kung sino sila o ano ang ginawa nila, na siyang ginawa ng mga mananampalataya na hindi naniwala kay Pablo. Paano mo ipinakita ang pagmamahal at pagtaggap mo sa ibang tao sa iglesya?

APPLICATION

- Nararamdaman mo ba na bahagi ka ng katawan ni Cristo? Ipanalangin ang Kanyang biyayang kaligtasan ngayon. Pasalamatang Siya sa walang kondisyon Niyang pagmamahal sa iyo.
- Naranasan mo na ba ang hindi tanggapin ng ibang tao sa iglesya? Ipanalangin na magkaroon ka ng pananaw na ayon sa kagustuhan ng Diyos tungkol dito. Hingin sa Kanya na tulungan kang patawarin ang mga taong nanakit sa iyo.
- Mag-isip ng isang tao na kilala mo na alam mong hindi pa nakakakilala kay Cristo. Ipanalangin na maintindihan ng taong ito ang pagiging kabilang sa Kanyang pamilya.

